MGA TAGATULONG

Ang mga sumusunod na tagatulong ay malalapitan ng mga imigranteng pamilya na tumutugon sa mga pagkulong o deportasyon.

- Ang tagahanap ng nakakulong ng Pagpapatupad ng Imigrasyon at Adwana (Immigration and Customs Enforcement, ICE): *https://locator.ice.gov/odls/homePage.do* ***Mangyaring tandaan*:** Ang lugar na ito ay para *lamang* sa paghanap ng mga taong nakakulong na, at *hindi* para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa katayuang pang-imigrasyon.
- Ang mga pribadong abugadong pang-imigrasyon na mga may akreditasyong kinatawan (na tumutulong sa mga imigrante sa mga pamamaraang pang-imigrasyon), o mga organisasyon para sa tulong na pambatas:
  - Paghahanap ng Abugado sa Bar ng Estado ng California (State Bar of California): *http://www.calbar.ca.gov/Attorneys*
  - Mga organisasyon ng California na may akreditasyon ng Lupon ng mga Apela sa Imigrasyon (Board of Immigration Appeals, BIA) upang katawanin ang mga imigrante sa Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan (Department of Homeland Security, DHS) at Tagapagpaganap na Opisina ng Pagrepaso ng Imigrasyon (Executive Office of Immigration Review, EOIR): *https://www.justice.gov/eoir/page/file/942306/download#CALIFORNIA.*
  - Mga Sariling-Tulong ng mga Sentro ng California: *http://www.courts.ca.gov/selfhelp-selfhelpcenters.htm.*
  - Mga serbisyo ng mga opisina ng tulong na pambatas at pagrekomenda sa abugado: *http://www.courts.ca.gov/1001.htm.*
  - Ang konsulada o embahada ng pinagmulang bansa ng magulang o tagapangalaga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tagatulong sa pagtugon sa mga aktibidad na pagpapatupad na pang-imigrasyon sa mga paaralan ng California, o upang magsampa ng reklamo, mangyaring kontakin ang:

Bureau of Children's Justice
California Attorney General's Office
P.O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550
Telepono: (800) 952-5225
E-mail: BCJ@doj.ca.gov
https://oag.ca.gov/bcj/complaint

Ang Publikasyong ito ay maaaring i-download sa:
http://www.oag.ca.gov

Mga Aksiyon sa Imigrasyon-Pagpapatupad sa mga paaralan ng California

Patnubay para sa mga Estudyante at Pamilya

Xavier Becerra
Pangkalahatang Abugado ng California
Abril 2018
Tagalog

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA EDUKASYON

Ang iyong Anak ay may Karapatan sa isang Libreng Pampublikong Edukasyon

- Lahat ng bata ay may karapatan sa pantay na daan sa libreng pampublikong edukasyon, anuman ang katayuang pang-imigrasyon nila o ng kanilang mga magulang/tagapangalaga.
- Lahat ng bata sa California ay:
  - May karapatan sa isang libreng pampublikong edukasyon.
  - Dapat na nakaenrol sa paaralan kung sila ay nasa pagitan ng 6 at 18 taong gulang.
  - May karapatang mag-aral sa mga ligtas, protektado, at payapang paaralan.
  - May karapatang pumasok sa isang kapaligiran sa pag-aaral sa pampublikong paaralan na malaya sa diskriminasyon, panliligalig, pang-aapi, karahasan, at pananakot.
  - May pantay na pagkakataong lumahok sa anumang programa o aktibidad na iniaalay ng paaralan nang walang diskriminasyon.

Impormasyong Kinakailangan para sa Pagpapatala sa Paaralan

- Ang mga paaralan ay dapat tumanggap ng iba't ibang mga dokumento mula sa magulang o tagapangalaga ng estudyante upang ipakita ang katunayan ng edad o paninirahan ng bata.
- Ang impormasyon tungkol sa katayuan sa pagkamamamayan/imigrasyon ay hindi kailanman kailangan para sa pagpapatala sa paaralan. Ang isang numero ng Social Security ay hindi kailanman kailangan para sa pagpapatala sa paaralan.

Pagiging Kompidensiyal ng Personal na Impormasyon

- Ang mga pederal at pang-estadong batas ay nagpoprotekta sa mga rekord na pang-edukasyon at personal na impormasyon ng estudyante. Ang mga batas na ito ay pangkaraniwang nag-aatas na ang mga paaralan ay kumuha ng nakasulat na pahintulot mula sa mga magulang o tagapangalaga bago ilabas ang impormasyon ng estudyante, maliban kung ang paglabas ng impormasyon ay para sa mga layuning pang-edukasyon, nakahantad sa publiko, o bilang tugon sa isang utos o subpoena ng hukuman.
- Ang ilang paaralan ay nagtitipon at nagbibigay sa publiko ng basikong "impormasyon para sa direktoryo" tungkol sa estudyante. Kung gayon, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay sa mga magulang/ tagapangalaga ng nakasulat na paunawa ng patakaran sa impormasyon para sa direktoryo, at magbigay ng mapipili upang tumangging ilabas ang impormasyon tungkol sa iyong anak.

Mga Plano sa Kaligtasan ng Pamilya Kung Ikaw ay Nakakulong o Isinaalim sa Deportasyon

- Maaari mong isapanahon ang impormasyon tungkol sa matatawagan sa emerhensiya ng iyong anak, kabilang ang mga sekundaryong kontak, upang tukuyin ang isang pinagkakatiwalaang tagapangalagang nasa hustong gulang na maaaring mangalaga sa iyong anak kung ikaw ay makulong o isailalim sa deportasyon.
- Maaari mong kumpletuhin ang isang Apidabit ng Awtorisasyon sa Tagabigay ng Pag-aalaga o isang Petisyon para sa Pagtatalaga o Pansamantalang Tagapangalaga ng Tao, upang bigyan ang isang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang ng awtoridad na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon at medikal para sa iyong anak.

Karapatang Magsampa ng Reklamo

- Ang iyong anak ay may karapatang mag-ulat ng isang krimen ng pagkamuhi o magsampa ng reklamo sa distrito ng paaralan kung siya ay dumadanas ng diskriminasyon, ginugulo, tinatakot o inaapi dahil sa kanyang aktuwal o nadaramang nasyonalidad, etnisidad, o katayuang pang-imigrasyon.

LISTAHAN NG DAPAT TIYAKIN PARA SA MGA IMIGRANTENG ESTUDYANTE AT PAMILYANG NAG-AARAL SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

1. Hindi mo kailangang ibahagi ang mga sumusunod na impormasyon sa mga opisyal ng paaralan:

- Hindi mo kailangang magbahagi ng impormasyon, kabilang ang mga pasaporte o visa, tungkol sa katayuang pang-imigrasyon ng mga estudyante, magulang, tagapangalaga, o ibang mga miyembro ng pamilya.
- Hindi mo kailangang magbigay ng mga numero o mga kard ng Social Security (SSN).
  - Kapag nagkukumpleto ng porma para sa "Free and Reduced-Price Meals" (Libre at Binawasan ang Presyo na mga Pagkain), ibigay lamang ang huling apat na numero ng SSN ng nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan na pumirma sa aplikasyon.
  - Kung ang pamilya ay nakatutugon sa mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat ng kita at walang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan na may SSN, ang iyong anak ay kuwalipikado pa rin. Markahan ang kahon na "No SSN" (Walang SSN) sa mga porma kung saan angkop, upang matiyak na ang mga aplikasyon ay kumpleto.
  - Kung may miyembro ng sambahayan na lumalahok sa CalFresh, CalWORKs (Pagkakataon sa Trabaho at Responsibilidad para sa mga Bata ng California), o FDPIR (Programang Pamamahagi ng Pagkain sa mga Reserbasyon ng Indiyan), walang nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan na kailangang magbigay ng huling apat na numero ng kanyang SSN upang maging kuwalipikado ang estudyante para sa libre o binawasan ang presyo na mga pagkain sa paaralan.
- Kapag nagbibigay ng impormasyon para sa katunayan ng paninirahan o edad ng estudyante, hindi mo kailangang gumamit ng mga dokumentong maaaring maghantad ng impormasyong may kaugnayan sa katayuang pang-imigrasyon.

2. Gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang impormasyon tungkol sa estudyante:

- Humingi ng nakasulat ng mga patakaran ng paaralan sa pagkapribado na nauukol sa impormasyon tungkol sa estudyante.
- Repasuhin ang patakaran ng paaralan para sa "impormasyon para sa direktoryo"—na nagpapahintulot ng paglabas sa publiko ng basikong impormasyon tungkol sa estudyante—at isaalang-alang kung pipiliing hindi ipalabas ang impormasyong iyon.

3. Gumawa ng mga hakbang upang maghanda para sa mga kalagayan kung saan ang isa o higit na mga magulang o tagapangalaga ay nakulong o isinailalim sa deportasyon:

- Buuin at itago sa isang ligtas na lugar ang isang "Plano sa Kaligtasan ng Pamilya" (halimbawa: https://www.lirs.org/assets/2474/bna_beinformed_safetyplanningtoolkit.pdf) na kabilang ang sumusunod na impormasyon:
  - Pangalan ng isang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang na mangangalaga sa iyong anak kung walang magulang o tagapangalaga na makagagawa nito.
  - Ang mga pang-emerhensiyang numero ng telepono at mga tagubilin kung saan makakahanap ng mahahalagang dokumento (mga sertipiko ng kapanganakan, pasaporte, mga kard ng Social Security, impormasyon tungkol sa matatawagan para sa doktor, atbp.).
- Tiyakin na ang paaralan ng iyong anak ay laging may pangkasalukuyang impormasyon tungkol sa matatawagan sa emerhensiya, kabilang ang mga panghaliling kontak kung walang magulang o tagapangalaga na matatawagan.